Dead on the spot si Pocholo Luis Ramos, binata, ng Green Heights Subdivision, Paraóñaque, City habang ligtas naman ang mga kaklase nitong sina Kate Florentino, 19, ng 1450 Mactan St. Baclaran, Parañaque City; Kyla Yvone Galicia, 18, ng B9 L27 Matthew St. Juana 6 Brgy. San Francisco, Biñan City, Laguna; at Desirie Joy Agapay, 19, ng Ph.6 Blk.B L46 Brgy. Lantic, Carmona, Cavite.

Sa imbestigasyon ni PO3 Joseph Ryan Bascugin, ng Tagaytay City Police Station, sakay sina Florentino, Galicia at Agapay sa isang kulay gray na Honda Jazz (HRM 156) na minamaneho ni Ramos habang binabagtas ang kahabaan ng Tagaytay-Nasugbu Highway dakong alas-8:00 ng umaga nang pagsapit sa Brgy Mendez Crossing East, Tagaytay City malapit sa Total Gasoline Station ay nag-counter flow ito at nahagip ang isang kulay pulang kotse at nang umatras ito at gustong bumalik sa kanyang linya ay nabangga naman nito ang isang motorsiklo na minamaneho ni Ricardo Estacio, 41, security guard ng Brgy Tabora, GMA ,Cavite.

Hindi na nakaandar ang kotse ni Ramos nang masira sa harapang gulong nito at dito rin nakakuha ng tiyempo ang tatlong kaklaseng sakay niya na makalabas ng sasakyan na umabot hanggang sa Brgy. Maharlika West, Tagatay City.

Lumabas din si Ramos sa kanyang kotse subalit tumakbo ito patungo sa bangin at sa kabila ng sigaw ng kanyang mga kaklase ay nagtuloy-tuloy ito hanggang sa tumalon ito.

Nabatid na inabot din ng ilang oras bago tuluyang naiahon ang bangkay ng biktima mula sa matirik na bangin .

Ayon kay Bascugin, ang apat na estudyante ay galing umano sa isang party sa Tagaytay City at pauwi ng Maynila bago naganap ang insidente.

Inaalam pa ng pulisya kung sinadya ba ni Ramos na tumalon sa bangin. **GENE ADSUARA**

# ANDI EIGENMANN WALANG BASAGAN KANYA-KANYANG TRIP LAMANG IYAN



**SUMABOG ang aktres na si Andi Eigenmann laban sa kanyang mga kritiko.**

May kinalaman ito sa muling pagbubuntis ng aktres para sa kanyang pangalawang baby.

Kung marami ang bumati at natuwa sa ikalawang pagdadalan-tao ni Andi ay may mga nagsulputan ding kritiko o mga punang hindi kaaya-aya.

Puna na nagpapahiwatig ng panghihinayang kay Andi dahil hindi man lamang kasal ang aktres.

Sinasabi pa na kung mayroon mang bagong lovelife ang aktres ay hindi na raw sana mauwi pa muli sa hiwalayan.

Pordyosporsanto naman talaga oh, sino ba naman ang ayaw sa kasal?

Isa pa, mayroon bang naghahangad na ang isang relasyon ay sa hiwalayan lamang ang kahahantungan?

For sure ay ayaw ni Andi nito, never niyang ginusto o pinangarap man lamang ito.

Maayos naman ang pananaw ni Andi, aniya ay sadyang may pagkakaiba-iba ang paniniwala ng mga tao.

Masaya ang pagbubuntis ng aktres kaya apela lamang niya ay huwag naman isabay ang mga negatibong komento.

Dapat lamang na tigilan ang mga negative vibes dahil puwedeng makaapekto ito sa pagbubuntis.

Naririnig nga natin sa mga babae o ina na dumaraan sa pagdadalan-tao na medyo nagiging sensitibo ang isang nagbubuntis.

Well, maaari nating sabihin na ang bawat isa sa atin ay may kanya-kanyang trip kaya walang basagan ng trip.

Trip mo, ibig sabihin ay gusto mo. Gusto ni Andi ang kanyang lovelife sa kasalukuyan kaya walang masama kung trip o gusto niyang muling magpabuntis.

Pagpapatunay na nagmamahal muli ang aktres, bawal o kasalanan ba ang pagtibok ng puso sa ikalawang pagkakataon.

Nope as in hindi bawal, kahit ilang ulit pang muli tumibok ang puso ng isang tao.

Nagmahal, nabigo, nagmahal muli at nabigo muli, kahit ilang ulit dahil darating ang tamang partner ng ating puso.

Kung masaya man ang ina ni Andi na si Jaclyn Jose sa muling pagbubuntis ng anak ay natural na damdamin lamang iyon.

Hindi na kailangang palakihin pa ang isyu na noong unang pagbubuntis ni Andi ay sobrang iyak daw ni Jaclyn.

Nasa pitong taong gulang na pala ang panganay o unang anak ni Andi na si Ellie.

Ang dating nakarelasyon ni Andi na si Jake Ejercito ang ama ni Ellie.

Sa halip na isipin na baka hiwalayin din ni Philmar Alipayo, mas maganda sigurong idalangin na maging forever ang relasyon nito kay Andi.

Basta ulitin ko lamang po ah walang basagan ng trip, hahaha.

@@@

**HINDI NAGHUBO SI JULIA BARRETTO**

Naging usap-usapan ang young actress na si Julia Barretto tungkol sa kanyang larawan habang siya ay nasa beach vacation.

Pakatitigan po ninyong maigi kung si Julia ay nakatopless nga lamang ba ha-bang nagsi-swimming?

Wala nga bang suot na pang-itaas ang anak nina Marjorie Barretto at Dennis Padilla?

Malinaw po ang tugon ni Julia na one-piece swimsuit ang kanyang suot.

Ang kuha sa picture ay nakatalikod si Julia na sa pakiwari at paningin ng iba ay wala siyang suot pang-itaas.

Lubhang napakanipis ng strap ng swimsuit ni Julia kaya aakalain na topless nga.

Ang mga mata nga naman, minsan nagiging makasalanan.

## HANEP SHOWBIZ

## Pahiram ng Oras

ni Ate Josie

### (ika- 103 labas)

"**WALA** ng pero...pero...pero pa d'yan. Basta maayos at malinaw na ang usapan natin ah."

Pinutol na kaagad ni Lyka ang kung ano man ang sasabihin pa dapat ni Kardo.

Mangangatwiran pa kasi sana si kardo pero sinupalpal na siya ni Lyka.

Para naman matigil at matapos na ang kanilang usapan ay sumang-ayon na lamang si Kardo.

"Anong 'pramis, pramis ka d'yan, ayokong nangangako na 'di natutupad."

"Kilala mo naman Kardo ang ugali ko ah, kaya sana naman gawin mo at 'di pangako."

Sobrang tulin talaga ng pagtakbo ng mga araw, malapit ng matapos ang termino ni Kardo bilang konsehal ng kanilang distrito.

Hindi unang termino bagkus ay nakatuntong si Kardo sa ikatlong termino.

Malaki at nag-aaral na rin ang anak nila ni Lyka sa isang eksklusibong eskuwelahan.

Sa paglaki hanggang sa pag-aaral ng bata ay hindi inobliga ni Lyka si Kardo sa pinansiyal na suporta.

Basta ang tanging palaging hiling lamang ni Lyka ay magpahiram dapat ng oras si Kardo para sa kanya at sa kanilang anak.

Sa lumipas na panahong iyon ay tumupad naman si Kardo sa kanyang ipinangako.

May ilang pagkakataon lamang na hindi natupad si Kardo subalit katanggap-tanggap naman ang rason.

Naging maingat na rin ang dalawa upang hindi na masundan pa ang kanilang anak.

Hindi naman kasi nila talaga binalak o wala sa plano na bubuo sila ng bata.

Pero dumating iyon dahil walang pag-iingat si Lyka gayunman ay inako naman ni Kardo ang bata o anak.

"Napakatulin talaga ng panahon, parang kailan lang at muntik ka na 'di ba na 'di makapasok sa konseho."

"Pero akalain mo bang nakatatlong termino ka sa konseho."

"Eh ngayong napapalapit na ang pagtatapos ng term mo, ano na ang iyong pinaplano?"

Seryosong kinakausap si Kardo ng kanyang misis, na sa mahabang panahon ay walang kaalam-alam sa misteryo niya.

**(Itutuloy)**

## MANANANGGOL

Sa panulat ni Kuya Arman

### (ika-102 labas)

**"EKSAKTUNG**-eksakto ang dating n'yong dalawa at kaluluto lang."

Humalik si Maribeth kay Aling Tita habang si Jerome ay nagmano naman.

"Wala pong ano man 'yun, salamat naman po at nagustuhan ninyo ang ginawa kong ayos sa loob ng bahay n'yo."

Nagpasalamat si Aling Tita kay Maribeth kasabay ay inutusan na ang tatlong magkakapatid na pumuwesto na sa hapag-kainan.

"Sige na at kayong tatlo na ang umupo d'yan. Halika Maribeth at tayong dalawa ang maghahain."

Hindi na kumontra ang magkakapatid at sumunod na lamang sa utos ng kanilang auntie.

Habang katu-katulong sa pag-aasikaso ng mga pagkain ay lihim na pinagmamasdan ni Aling Tita si Maribeth.

Napapangiti si Aling Tita sa bawat paggalaw ni Maribeth para sa pag-aasikaso.

"Sa Ngalan ng Ama, ng Anak, ng Espiritu Santo."

Si Maribeth ang pinakisuyuan ni Aling Tita na mamuno ng pagdarasal nang mailagay na sa lamesa ang mga pagkain.

"Una po Panginoon ay labis po ang aming pasasalamat sa mga biyayang naririto sa hapag-kainan na Inyong kaloob sa amin."

"Isa rin pong malaking biyaya na makadaupang palad ko sa mga oras na ito ang pamilyang naniniwala, sumusunod at nagmamahal po sa Inyo."

"Nasa Inyo rin po Panginoon ang pagpapasya kung ako po ay ganap na mapapabilang sa pamilyang ito na minamahal ko dahil sila po ay mayroong takot sa Inyo."

"Panginoon, ang mga biyayang ito na nasa aming harapan ay labis po naming ipinagpapasalamat sa Inyo. Amen!"

Tunog ng mga kutsara't tinidor na sumasagi-sagi sa pinggan ang sumunod na tanging mapapakinggan.

Pagkatapos ng taimtim na pagdarasal ay sinimulan na nila ang pagkain.

Pero kakaiba sila, walang kuwentuhang nagaganap habang kumakain.

"Heto ang bagoong para sa kare-kare."

Kung mayroon mang maririnig na tinig ay katulad lamang nito na iniaabot ni Aling Tita ang bagoong.

"Dagul, pakisuyo pa iyong isa pang pitsel na malamig na tubig sa ref."

Mga ganitong salitaan lamang na hindi daldalan o kuwentuhan sa hapag kainan.

**(Sundan)**

# QUEZON REMAINS TOP AGRICULTURAL PRODUCER IN REGION 4-A

**LUCENA CITY, Quezon — The provincial government, through the Office of the Provincial Agriculturist (OPA), has vowed to increase farm production and income through sustainable programs and projects.**

Provincial Administrator Roberto Gajo presented the latest Philippine Statistics Authority (PSA) data indicating Quezon remains as the top agricultural producing province of various farm products in the Calabarzon Region (Region 4-A), which groups Cavite, Laguna, Batangas, Rizal and Quezon.

He said the province's share in the region's 'palay' (rice) production reaches 42 percent while corn production at 75 percent; fruits —26 percent; coconuts — 86 percent; and vegetables — 62 percent.

"Ibig sabihin, sa lawak po ng mga lupain ng lalawigan ng Quezon na pinagyayaman ng ating mga magsasaka, nagbigay ito ng kongkretong resulta pagdating sa antas ng produksyon (this means that the vast farmlands of Quezon tilled by our farmers have resulted in concrete results in the high level of production)," he said.

Gajo noted that Governor David Suarez has directed to boost the income not only of the farmers and fisherfolk but also their cooperatives and associations.

He said higher income translates to not just ensuring there is food in the household, but also savings for their daily basic necessities and education for their children.

Gajo said there are other projects and programs that can provide alternative livelihood and enterprise support services to farmers and the agricultural workers, in partnership with the city and municipal agricultural offices and the Department of Agriculture and Philippine Coconut Authority.

These include processing and production of virgin coconut oil, coconut sap sugar, "lambanog" (coco wine), and copra besides its other by-products.

Gajo further said "Serbisyong Suarez sa Agrikultura" (Suarez agriculture services) also promotes other alternative livelihood for farmers, such as the Quezon herbal program which established the Quezon herbal pavilion at the Quezon National Park in Atimonan town.

He disclosed that a year after the herbal program's implementation, the pavilion and the various seminars conducted at the site have drawn around 15,000 tourists and educational and field visitors.

Gajo said the provincial government also provides crop insurance benefits aimed at helping farmers, fisherfolk and the agricultural sector during accidents, calamities and other emergencies, as this sector is highly vulnerable to disasters and climate change.

He identified OPA's various programs in support to the agricultural development strategies of the province, including production enhancement support program; farm mechanization and post-production management program; and agri-enterprise development program. ***(Gideon Belen/PNA)***

# SC affirms Sandiganbayan HDO vs. Cebu solon

**MANILA** — The Supreme Court (SC) upheld the travel ban issued by the Sandiganbayan against Cebu (3rd District) Rep. Gwendolyn Garcia over a pending graft case.

"All told, the Sandiganbayan did not commit abuse of discretion, much less grave, in denying the motion for reconsideration and the prayer for the lifting of the HDOs (hold departure orders) issued against the petitioner. The HDOs were validly issued pursuant to its inherent powers as a court of justice," the SC said in a decision dated Oct. 17, 2018 and only made available to newsmen late Monday.

The High Court, through Associate Justice Andres B. Reyes, Jr., turned down the petition filed by Garcia, which questioned the validity of the HDOs against her on the ground that they were issued before she was able to exhaust her legal remedies and even before there was a final determination of probable cause against her.

The case involved alleged anomalies in the purchase of 10 parcels of land 24.9-hectare property for the provincial government's housing and seaport projects in 2008 when Garcia was Cebu governor.

"In this case the Sandiganbayan acted within its jurisdiction when it issued the HDOs against the petitioner. That the petitioner may seek reconsideration of the finding of probable cause against her by the Ombudsman does not undermine nor suspend the jurisdiction already acquired by the Sandiganbayan," the SC explained. **(PNA)**

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**BRANCH 23**
**TRECE MARTIRES CITY**

**PHILIPPINE SAVINGS BANK,**
Mortgagee,

**FORECLOSURE CASE NO. F-440-18**

-versus-

**SPS. LUISITO AMARILLE ESPANTO**
**and JANILYN DE SAGUN ESPANTO**
Mortgagors.
x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon Extra-Judicial Petition for Sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by Mortgagee **PHILIPPINE SAVINGS BANK** with business address at PS Bank Center, 777 Paseo de Roxas corner Sedeño Street, Makati City against the Mortgagors, **JANILYN DE SAGUN ESPANTO, for herself and as Atty-in-Fact of LUISITO AMARILLE ESPANTO,** with residence and postal address at Blk. 37, Lot 44, Jacinth St., Crystal Aire Subd., San Francisco,Gen. Trias City, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of December 17, 2018 amounts to **ONE MILLION SIX HUNDRED THIRTY EIGHT THOUSAND SIX HUNDRED FOURTEEN PESOS and 86/100 (P1,638,614.86),** Philippine Currency, including interest, penalties and other charges as of said date but exclusive of all other expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **March 19, 2019** at 10:00 o'clock in the morning at the main entrance of the Government Center Building located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder for **CASH** and in Philippine Currency, the following described properties with all the improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No1363859**

A parcel of land (Lot 44, Block 37 of the subd. plan Psd 0042108-076214, being a portion of Lot 2, Pcs-042108009239, LRC Rec. No.__), situated in Brgy. Elang, Mun. of Gen. Trias, Prov. of Cavite, Island of Luzon. Bounded on the NW., along line 1-2 by Lot 42, Block 37; on the NE., along line 2-3 by Alley 3; on the SE., along line 3-4 by Road 13; and on the SW., along line 4-1 by Lot 43, Blk.37, all of the subd. plan. Beginning at a point marked "1" on plan. **x x x containing an area of ONE HUNDRED NINETEEN (119) SQUARE METERS x x x**

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event of public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **March 26, 2019** without further notice.

Trece Martires City, **February 4, 2019**

**LUCIO C. ALEJO III**
**Sheriff IV**

**Copy Furnished:**
**SALGADO AVILA GORDOVE CHUANICO & ASSOCIATES**
Counsel for the Mortgagee
4th Floor PSBank Center Bldg.
No.777 Paseo de Roxas Avenue for Sedeño St.
Makati City

**SPS. JANILYN & LUISITO ESPANTO**
Blk.37, Lot 44, Jacinth St., Crystal Aire Subd.,
Brgy. San Francisco, Gen. Trias City, Cavite

**WARNING:** It is absolutely prohibited to remove deface or destroy this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale.

**PUBLICATION: HANEP** February 11, 18 and 25, 2019

CLASSIFIED ADS

JOJO DEMETILLA
*Advertising Manager*
*0929-2415793*

**Upholstery**
**0947-3254064**
**Look for Rommel**

**B3W Motor Shop**
**(Maayos na serbisyo**
**sa mababang presyo)**
**Ligtong 3, Rosario, Cavite**

**Tata Ver's Family KTV(TVFK)**
**Home of exotic pulutan**
**Located at 1337 Juan Luna St.**
**corner Perla st.,Tondo Manila**

**MANS ALTERATION-TAILORING**
**Located at Town Plaza**
**Noveleta,Cavite**

**SOUTH STAR PRINT CENTER**
**Alima, City of Bacoor, Cavite**
**Accepts: offset, letterpress, riso, pvc ID, all kinds of office forms.**
**We also buy and sell all kinds of printing machineries**
**Contact: (046) 434-6167**
**Cell: 0916-5397268/**
**0918-6174067**

# PITX, PAHIRAP SA MGA MANANAKAY NG CAVITE

**"PAHIRAP sila sa mamayan".**

Ito pa rin ang bukambibig ng higit sa nakararaming mananakay mula sa Cavite sa pagpapatupad ng bagong sistema ng pagsakay sa Paranaque Integrated Terminal Exchange o PITX.

Ayon sa ilang mananakay, nauubos ang kanilang mahabang oras ng pagpila upang makasakay ng panibagong malilipatang sasakyan patungo sa kanilang destinasyon.

Partikular na tinukoy ng mga ito ang mga jeepney na maghahatid sa kanila patungo sa malapit na destinasyon o hanggang Baclaran at EDSA, MRT-LRT.

Nabatid na tuwing umaga kung saan maghahabol ng pasok ang ilang empleyado ay pumipila sila ng napakahaba dahil sa kakulangan ng pampasaherong jeepney sa PITX.

Hindi ka rin umano nakakasiguro kung ilang oras ang hihintayin mo hanggang makaalis ang sasakyan ng mong pampasaherong bus dahil kinakailangan din nilang magpuno ng pasahero bago ito aalis.

Nakakadagdag din ng oras ang pagpila mo pagpasok ng PITX upang dumaan sa inspeksiyon sa guwardya at ganun din ang oras ng pagpila mo upang kumuha ng ticket at pag minalas-malas ay kinakalangan mong hinatayin ang nabili mong ticket para sa pag-alis ng masasakyan mo.

Ayon pa sa ilang mananakay, magdadagdag ka na rin ng panibagong pamasahe mula sa PITX patungo sa iyong destinasyon kung saan P12 ang singilan ng mula MRT-LRT habang P10 naman hanggang Baclaran.

Inirereklamo pa ng ilang pasahero ang kawalan ng kanilang masasakyan kung manggagaling ng Baclaran patungong PITX kung inabot ka na ng gabi.

Problema din ng mga pasahero kung marami kang bagahe gayundin ang mga Senior Citizens na mag-aakyat panaog at maglalakad ng malayo patungo sa kanilang masasakyan.

Ayon pa sa mga mananakay, hindi importante ang madadatnan nilang air conditioned na terminal dahil ang habol lamang ng mga ito ay makapasok ng maaga sa kanilang trabaho at makauwi ng maaga sa kanilang bahay dahil pagod na ang mga ito sa maghapong trabaho.

Sa panibagong sistema sa PITX, lahat ng mga pampasaherong bus na manggagaling sa Southern part ay hanggang sa PITX na lamang ang mga ito kung saan may nag-aabang na panibagong masasakyan ang mga pasahero patungo sa kanilang destinasyon. **GENE ADSUARA**

# DOE vow to assess electric coops' performance fairly

MANILA — The Department of Energy (DOE) assured that it will deliver a fair assessment on the performance of electric cooperatives (ECs), following an announcement that it will review the franchise compliance of ECs nationwide.

"There will be due process for all ECs. Our priority is to address the root causes of their problems and help in their rehabilitation so they may provide the quality of service consumers in their franchise areas truly deserve," DOE Secretary Alfonso Cusi said on Wednesday.

The DOE said last week that it will look into the quality of services delivered by ECs, which is supposed to be government's partners in electrifying far-flung areas, after many ECs have reportedly failed to comply with their mandate.

The DOE named 17 ECs "that have been chronically failing to provide satisfactory services required by their electric distribution franchise". These include DANECO in Davao del Norte, ALECO in Albay, BASELCO in Basilan, CASURECO III in Camarines Sur, FICELCO in Catanduanes, LASURECO in Lanao, MASELCO in Masbate, OMECO in Occidental Mindoro, ORMECO in Oriental Mindoro, PALECO in Palawan, PELCO in Pampanga, SULECO in Sulu, and ZAMCELCO in Zamboanga.

The department noted that even President Rodrigo Duterte has expressed his dismay over the poor power services in Palawan and Masbate.

Residents have reportedly been complaining about the persistent and unresolved brownouts in their areas, even as some ECs are heavily in debt and have been failing to pay creditors.

DOE also said it may cancel the franchises of non-compliant ECs.

"As we seek to attain total electrification of the country by 2020, we will ensure that all operating ECs are providing the best services to their consumers. Our fellow countrymen deserve nothing less," Cusi earlier said.

"We trust that ECs in these problem areas will cooperate with the DOE's constructive efforts to get to the heart of their long running problems. We will work with the ECs in creating and implementing viable solutions for the benefit of their consumers," he added.

ECs and the National Electrification Administration have provided services to 78 provinces, 1,475 cities and municipalities, 36,057 barangays, 123,198 sitios, and 12.71 million household connections according to Philippine Rural Electric Cooperatives Association (PHILRECA).

Meanwhile, PHILRECA, in a statement over the weekend, reacted to Cusi's call for the revocation of the 17 ECs franchises, saying the industry deserves assistance rather than punishment. "We call on Secretary Cusi to treat all electric cooperatives with fairness and justice. We deserve no less," the PHILRECA statement read.

Rather than cancelling the franchises, PHILRECA said it is best for the government to support these ECs by rehabilitating them. *(PNA)*

# 'Sumilang' Festival 2019, a celebration of the faithful



SUMILANG FESTIVAL is an annual thanksgiving celebration for a bountiful harvest of Silang town. *(Photo courtesy of Phillip Lacson Medina)*



The 9th "Sumilang" Festival also marked an event by the faithful community with the Episcopical Coronation for the Blessed Mother of Silang by His Eminence Bishop Reynaldo Evangelista of the Archdiocese of Imus on Jan. 31. *(Photo courtesy of Phillip Lacson Medina)*

SILANG, Cavite — The 9th Sumilang Festival, which is celebrated in this historic town from January 20 to February 8, comes with pomp and pageantry but with more meaningful celebration for the town's 424th founding anniversary and homage to its patron saint "Our Lady of Candelaria".

Phillip Lacson Medina, chairman of the Sumilang Fiesta Executive Committee and member of the Silang Heritage Council, shared that this year's celebration also marked an event by the faithful community with the Episcopical coronation for the Blessed Mother of Silang by His Eminence Bishop Reynaldo Evangelista of the Archdiocese of Imus on January 31.

Medina said the town was originally established as a parish on Feb. 3, 1595. Thus, present officials of the Silang Parish Council for Culture and Heritage (SPCCH) and the Parish Pastoral Council (PPC) filed a petition, through their Parish Priest Marty Dimaranan, before the Imus Bishop who granted the request for the Episcopal coronation in celebration of its 424 years as a parish.

"Credit also goes to various religious organizations with the barangay-based Basic Ecclesial Communities (BEC) who led the fundraising campaign from the faithful, and the proceeds were used to purchase the sterling silver fineries and regalia in honor of the Blessed Mother's devotion to the community of Silang," he added.

Medina described the solemn occasion spirited by the 120-strong choir composed of men, women and children as they led the congregation in the "Awit ng Papuri" (song of praise) as the coronation procession ensued.

As part of the ceremony, the community organizations offered two silver crowns to the bishop while a youth representative, as part of the church's observance for the "Year of Youth", brought the silver candle to the altar.

Medina said the sacred rites were amazing, bringing goosebumps to the congregation, as they witnessed Rev. Father Marty Dimaranan place the first crown to the Santo Niño image.

As Bishop Evangelista crowned the Blessed Mother, the parishioners chorused to rousing and joyful shouts "Viva de la Virgen de Candelaria! Viva Reina de Silang! (Hail to the Blessed Virgin of Candelaria! Hail to the Queen of Silang!).

"It was an emotional pandemonium for the crowd as others gleefully cheered while others cried in joy," Medina said.

The traditional homage to the town's patroness "Our Lady of Candelaria" took centerstage during the 20-day festivities in the centuries-old church, which parish edifice complex showcases the Retablo Mayor and Mayores, or the votive altar pieces that were conferred as National Cultural Treasures (NCT), through a historical marker installed by the national museum.

Festival organizers said the annual Sumilang Fiesta is observed as thanksgiving for the bountiful fruit harvests in this agricultural but first-class town. *(Gladys Pino-PNA)*

# DOH warns public against flu

MANILA — The Department of Health (DOH) on Tuesday urged the public to take extra precaution to avoid contracting and spreading the flu virus during the peak months of the flu season.

"Binabantayan natin kung ano iyong strain at talagang by middle of the year nagbabakuna na tayo. Sa Pilipinas ang peak lang talaga ng flu-like illnesses itong panahon na malamig (We're looking at the strain and by the middle of the year we conduct vaccinations. In the Philippines the peak of flu-like illnesses is this cold weather)," Undersecretary Eric Domingo said in a statement.

The flu season starts in October, peaking from January to February when temperature drops, Domingo said.

Based on DOH records, flu cases in the country have declined in 2018 as compared to the same period in 2017. From Jan. 1 to Dec. 15, 2018, some 153,659 cases of influenza-like illnesses were reported, which is 17 percent lower than the 127,632 cases during the same period in 2017.

The DOH differentiated flu from common cough and cold. It said flu is accompanied by high fever and muscle pains, which last for days.

"Ang nakakatakot lang kasi na gusto nating ma-prevent iyong mga flu na nagkakaroon ng complication. Kasi maaari siyang mauwi sa pneumonia at of course maaaring in the end makamatay (What we're wary about is to prevent flu with complications. Because it could lead to pneumonia and of course could lead to death in the end)," Domingo said.

The flu's different strains are contagious once they come in contact with the body through coughs from another person, holding contaminated objects or touching the mouth or nose.

The public is advised to cover their mouths when coughing or sneezing to prevent the spread of the flu virus as it can be fatal to the human body. If not immediately addressed by a health professional, it could cause severe effects or complications.

The DOH advised the public to keep the immune system strong by:

* Taking more water and fluids like orange juice and six to eight glasses of water every day.

* Sleeping at least six to eight hours a day

* Making sure to exercise and eat fruits and vegetables

* Making it a habit to wear face mask especially when in crowded places or when travelling to avoid contracting flu virus

The DOH also advised parents to ensure their children's full protection against flu by getting a complete set of vaccination. Senior citizens can get free flu shots in barangay health centers and DOH-accredited hospitals. *(PNA)*

# MGA 'TULAK' MULING SINUYOD NG CAVITE POLICE, 16 KATAO SWAK

**SWAK sa kulungan ang labing-anim na katao kabilang ang apat na babae matapos na naaresto ng Cavite police sa isinagawang buy bust operation sa buong magdamag sa magkakahiwalay na operasyon sa lalawigan ng Cavite.**

Dakong alas-7:20 ng gabi nang nagsagawa ng buy bust oerpation ang mga elemento ng Carmona Municipal Police Station sa Brgy. 7, na nagresulta sa pagkakaaresto kina Joselito Solivares, Jr., 43, at Porfirio Ruiz, 47, may-asawa, driver, kapwa residente ng Brgy. Cabilang Baybay, Carmona.

Nakuha sa kanila ang tinatayang P500 halaga ng shabu.

Sa Naic, Cavite, arestado naman sina Elvin Torreliza, 26, ng Soriano Compound St., Brgy. Ibayo Silangan; at Edelliza Guttierez, 24, ng Soriano Compound St., Brgy. Ibayo Silangan, matapos na nagbenta ng hinihinalang shabu sa isang poseur buyer dakong alas-9:30 ng gabi sa Soriano Compound St., Brgy Ibayo, Silangan.

Hindi rin nakaligtas si Rose Vargas, may-asawa ng Brgy San Agustin 2, Dasmariñas City, Cavite nang bentahan nito ang isang poseur buyer ng hinihinalang shabu dakong alas-9:30 ng gabi sa Brgy Biga 2, Silang.

Tinatayang P8,000 halaga naman ng shabu ang nakumpiska kay Aisha Mala, 18, online seller, ng Brgy Datu Esmael Dasmarinas City matapos nakipagtransaksiyon sa isang poseur buyer dakong alas-8:30 ng gabi sa Bry Punta 1, Tanza, Cavite.

Dakong alas-10:30 ng gabi nang nagsagawa namang ng buy bust operation ang mga operatiba ng Gen. Trias City sa Brgy Tejeros Convention na nagresulta sa pagkakaaresto nina Kim Ivan, 25, waiter, ng Brgy. Mulawin ,Tanza ; Argel Joseph Camanzano, 23, ng Brgy. Habay 2, Bacoor City; at Jhony Contemprato, 28, tricycle driver, ng Brgy. Sapa 3, Rosario kung saan nakumpiska sa kanila ang tinatayang P6,000.00 halaga ng shabu.

Sa Dasmarinas City, Cavite, arestado rin sina Cesar Gohar, 54; Felipe Aligna, 54; at Norminda Marcaida, 54, pawang ng Guevarra St, Brgy Zone I, nang nagsagawa ng buy bust operation sa naturang barangay dakong ala-1:30 ng madaling araw matapos na nahulian ng 7 sachet ng hinihinalang shabu.

Dakong alas-2:00 ng madaling araw nang nagsagawa naman ng buy bust operation ang mga operatiba ng Gen. Trias City sa Brgy Santiago na nagreslta sa pagkakaaresto nina Jaime Geroca, 48; Robert Quicay, 23; Kevin Cabugnason, 23, pawang residente ng Siio Carapiohan, Brgy Santiago. **GENE ADSUARA**

# 179 katao, nagtapos ng rehabilitasyon sa Mega DATRC

**FORT RAMON MAGSAYSAY, Nueva Ecija (PIA)** — May kabuuang 179 katao ang nagtapos ng ilang buwang rehabilitasyon sa Mega Drug Abuse Treatment and Rehabilitation Center o Mega DATRC.

Inilahad ni Dr. Nelson Dancel, OIC-Medical Center Chief, na ito na ang ika-16 na batch na nagtapos at sumalilalim sa libreng medikasyon ng pasilidad.

Mula sa kabuuang bilang ay 177 ang mga lalaki at dalawa ang mga kababaihan na sumailalim sa rehab program na binubuo ng iba't ibang mga recoverieso sessions.

Paglilinaw ni Dancel, hindi lahat ng mga nalulong sa masamang bisyo ay tinatanggap sa Mega DATRC dahil kinakailangan ay physically at mentally fit ang mga ito upang sumailalim sa mga pagsasanay upang mabago ang sarili.

Hindi nila aniya tinatanggap ang mga may sakit o problema sa pag-iisip o anumang kaso ng sakit sa pangangatawan na maaring makahadlang sa kanilang rehabilitasyon sa loob ng pasilidad.

Umaabot sa average na walong buwan ang tinatagal ng rehabilitasyon sa Mega DATRC depende sa magiging resulta ng kanilang pagsusuri kung maaari nang sumailalim sa 18 buwang after-care o kanilang pagbalik sa dating komunidad.

Dagdag pa ni Dancel, hindi lamang natatapos ang programa ng pagbabago sa ilang buwang pananatili sa pasilidad dahil patuloy silang gagabayan sa paglabas sa komunidad, sa tulong ng mga lokal na pamahalaan at kanilang mga pamilya.

Matapos ang 18 buwang after-care ay muli silang sasailalim sa mga pagsusuri upang tuluyang ideklarang free of drugs.

Ang sino mang magrerelapse o muling gumamit ng bawal na gamot ay pababalikin sa Mega DATRC upang sumailalim sa re-orientation ng ilang buwan.

Ang panawagan ni Dancel sa mga pamilya ng mga residente pati na sa mga lokal na pamahalaan ay suportahan ang programang rehabilitasyon ng pamahalaang nasyonal sa pamamagitan ng paggabay at pagpapanatili ng kapayapaan at kaayusan ng lugar upang wala nang bumalik sa masamang bisyo.

Lubos naman ang pasasalamat ng mga residente ng Mega DATRC sa agapay ng gobyerno na pagbubukas at pangangasiwa ng libreng rehab center upang tutukan ang pagbabago ng mga nalulong sa masamang bisyo.

Pahayag ng isa sa 179 na nagtapos ay kanilang muling naranasan ang pagtanggap gaya ng isang tunay pamilya sa loob ng Mega DATRC na nagpapaalala sa kahalagahan ng buhay, pamilya, at relasyon sa Diyos.

Kanyang payo sa mga kagayang nalulong sa masamang bisyo ay tumigil na sa paggamit habang may pagkakataon pa dahil hindi lamang sariling buhay ang sinisira nito kundi ang pamumuhay ng buong pamilya. **(CLJD/CCN-PIA 3)**

# HANEP

**Basahin Mo Ito!**

# Mekaniko, arestado dahil sa tsokolate

**SA** pagnanasang makatikim ng tsokolate, mas madami pa sana ang mabibili nito sa halaga ng kanyang piyansa matapos na naaresto ang isang 30-anyos na mekaniko nang tumangay ito ng Toblerone sa isang kilalang mall sa Dasmarinas City, Cavite.

Nakakulong sa Dasmarinas City Custodial Center ang suspek na si Stephen Mapua, ng Don Gregorio Heights 2, Sitio Bucal, Brgy Sampaloc 2 Dasmarinas City, dahil sa reklamo ni Robert Verdadero, Security Officer-in-charge ng SM Hypermart sa Brgy. Burol.

Sa reklamo ni Verdadero kay PO3 Rolando Paulo Figueroa, ng Dasmarinas City Police Station, dakong alas-3:00 ng hapon nang pumasok ang suspek sa nasabing mall at nagkunwaring mamimili.

Dumampot ang suspek ng isang box ng Toblerone 6X100g na nagkakahalaga ng P684.50 at isiniksik ito sa kanyang damit at lumabas na hind nagbayad.

Lingid sa kaalaman ng suspek ay kanina pa siya mino-monitor ng guwardiyang si Japeth Batiancila na nagresuta sa kanyang pagkakaaresto.

Kasong Theft thru Shoplifting ang isinampa laban sa supek. **GENE ADSUARA**

# Taksi, hinahanting ng kawani ng NBI

**PINAGHAHANAP** ngayon ng isang emplyeyado ng National Bureau of Investigation (NBI) ang isang FX taxi na kanyang sinakyan nang naiwan nito ang kanyang service firearm matapos itong nakatulog sa Dasmarinas City, Cavite

Sa salaysay ni Ricardo Payaoan, 58, ng Block 17 Lot 23 City Homes, Resort Ville, Brgy Langkaan 2 DasmarinasCity, Cavite kay 2 Richard Domingo ng Dasmarinas City Police Station, dakong alas- 11:00 ng umaga nang umalis ito sa kanyang tanggapan sa NBI sa Taft Ave., Manila at dumiresto ng Harrison Plaza kung saan doon siya sumakay ng FX taxi pauwi sa kanilang bahay sa Cavite.

Habang binabagtas ng sinasakyang FX taxi na hindi nito naplakahan ay nakatulog ito dahil sa sobrang pagod dahil 16 oras umano syang nag-duty sa NBI.

Pagbaba nito sa Don Placido Ave., Brgy 4 Dasmarinas City, Cavite ay dito lang niya nalaman na nakalimutan niyang may dala siya clutch bag na naglalaman ng isang kalibre 38 nitong baril na nailapag nito sa sasakyan habang siya ay natutulog. **GENE ADSUARA**

# KALIBRE

**ROMY SANTOS**

0977-7844136



## Tama si Gov. Imee Marcos

**KABILANG** ang inyong lingkod sa mga mamamahayag na nagsagawa ng ambush interview kay Ilocos Norte Governor Imee Marcos.

Ito ay nang minsang dumalo ang masipag na gobernadora sa Ugnayang Barangay ng lalawigan ng Cavite na ginanap kamakailan sa Trece Martires City.

Sa kabila na dinudumog ng mamamayan ng Cavite si Gov. Imee at kahit medyo malakas ang sound system ng pagtitipon ay nagpaunlak siya ng panayam sa media.

Kahit 'sigawan style' ang pagtatanong ng media at ang pagsasagot ng gobernadora ay marami tayong nakuhang magaganda at mahahalagang impormasyon sa kanya.

Hindi ko na po babanggitin lahat bagkus ay isa lamang at ito ay ang tungkol sa hangarin ni Gov. Imee na matanggal nawa ang value added tax sa lahat ng uri ng gamot.

Kayo po ang tatanungin ko, bakit kayo bumibili o bibili ng gamot?

Kailangan nating bumili ng gamot dahil iinumin natin ito pero siyempre hindi natin gusto.

Sino ba ang may gustong uminom ng gamot? Siyempre wala hindi po ba.

Subalit sa ayaw at sa gusto natin ay kakailanganin nating makabili at uminom ng gamot kapag tayo ay mayroong karamdaman o sakit.

Ayaw natin magkasakit pero ito ay dumadapo sa ating katawan na ang katugunan ay ang paginom ng gamot.

Mukhang hindi naman nga yata makatwiran na bubuwisan pa ang mga gamot na bibilhin man natin pero hindi dahil sa ating kagustuhan.

Tama si Gov. Imee Marcos, ano po sa inyong palagay?

Siguro po pupuwede ay ang mga vitamins, binibili natin ang mga ito at iinumin na naayon sa ating kagustuhan.

Pero ang mga gamot na para sa mga sakit, no way 'di po ba?

# Biker na lolo, inararo

**NAMATAY** habang ginagamot sa Metro South Medical Center ang isang 71-anyos na Lolo nang mahagip ng sasakyan habang nagbibisekleta sa Imus City, Cavite.

Ang biktimang si Felix Genido, ng Brgy. Pasong Buaya 1, Imus City, ay binawian ng buhay dahil sa matinding pinsala sa katawan.

Naaresto naman ang driver na si Valentin Trinidad, 35, ng Block 7 Lot 33 Golden Ville 2, Sabang, Dasmariñas City, Cavite.

Sa ulat ni Wilfredo Guevarra, ng Imus City Police Station, nagbibisekleta ang biktima sa Daang Hari Road, Brgy Pasong Buaya 1, Imus City sa direksiyon ng Molino dakong alas-11:00 Lunes ng umaga nang salpukin siya ng minamanehong Toyota Innova na may plakang AAW 2650 ni Trinidad.

Isinugod pa ang biktima sa ospital subalit namatay din ito habang ginagamot. **GENE ADSUARA**